フィリピノ 語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 170

Ika-17 ng Setyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715

## ※Alam mo ba ang Blue Patrol?



**Ang Blue Patrol ay tumutukoy sa kumikislap na ilaw sa ibabaw ng sasakyan na nagpapatrol para mapigilan ang krimen sa lokal na lugar!!**

May mga insidente at aksidente na kinasasangkutan ng mga kabataan sa buong bansa. Sa lalawigan, may mga kaso pa rin ng panloloob sa mga bakanteng bahay, pagnanakaw ng sasakyan at iba pang krimen kaya kinakailangan na pagsikapan na ma-protektahan ang mamamayan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng blue patrol.

Kinakailangan ang katibayan para sa pagsasagawa ng pagpapatrol kaya kinakailangang lumahok sa pagsasanay para magka-lisensya. Ang lalawigan ay nagsasagawa ng sertipikasyon tuwing Setyembre para sa mga empleyado ng lalawigan

### Ano ba ang ginagawa ng Blue Patrol??

- ○Nagpapatrol sa paligid ng eskwelahan at sa dinadaanan ng mga estudyante
- ○Pagbibigay alam sa kinauukulan kapag may natuklasang krimen o aksidente
- ○Pagbibigay alam sa kinauukulan kung may natuklasan na kahina-hinalang tao o sasakyan.
- ○Pagtulong at pagbibigay alam sa kinauukulan kapag may natuklasan na nawawalang bata, sugatan o maysakit.
- ○Pag-inspeksyon sa mga lugar kung saan madaling maganap ang krimen o aksidente at pagbibigay alam sa kinauukulan.





Kurso sa Blue Patrol na ginanap sa opisina ng lalawigan noong Setyembre 2

## ～・～ ※Pagpaparehistro ng mga Katiwala sa iwas krimen ～・～

Mahirap magsagawa ng krimen sa Shizuoka at para makapamuhay ng mapanatag at mapayapa ang sino mang mamamayan, inilunsad noong Abril 2004 ang *regulasyon para iwas krimen sa Shizuoka at sa tulong ng mga mamamayan isinasagawa ang "Iwas krimen tungo sa kaunlaran ng bayan".
Nakapaloob sa regulasyon na para isulong at isaalang-alang ng mga nangangalakal sa kanilang negosyo ang iwas krimen, hiniling na magtalaga ng katiwala na mamahala sa gawaing iwas krimen sa bawat kumpanya at itaguyod ang hakbang para mapigilan ang krimen.
Sa kasalukuyan, mayroong 7,500 na mga kumpanya ang naka-rehistro.

### *Regulasyon ng Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan (Hango)

**(Tungkulin ng Mangangalakal)**
**Ika-4 na Probisyon**
Ang nangangalakal ay tutulong sa mga gawaing iwas krimen sa lokal na lugar kasabay ng pagsisiguro sa kaligtasan sa gawaing negosyo.

**2**
Ang nangangalakal ay makikipagtulungan sa mga isasagawang gawain sa iwas krimen ng lalawigan batay sa regulasyon dito.

**(Katiwala sa Iwas Krimen)**
**Ika-21 na Probisyon**
Ang nangangalakal ay pagsisikapan na magtalaga ng katiwala na mamumuno sa iwas krimen sa kanilang opisina para mapanatili ang kaligtasan sa gawain ng negosyo.

**2**
Ang nasabing katiwala ay pagsisikapan na mapanatili ang kagamitan panghadlang sa krimen, pagtuturo sa mga empleyado ng pag-iwas sa krimen at iba pang mahalagang hakbang para makaiwas sa krimen.

Ang mga kumpanya na may itinalagang katiwala sa iwas krimen ay binibigyan ng stiker.




**Mga nangangalakal**
**Mangyaring magpaeshistro kapag may bago kayong tindahan o opisina!!**



**Mayroong 「Seminar para sa mga Katiwala ng Iwas Krimen」 taon taon. Hihintayin namin ang inyong paglahok.**


# ※Mag-ingat sa regular na pamimili online!

Mag-ingat sa salitang
Online store×Trial

Nag-order online ng masustansyang pagkain na inilarawan na “500 yen lamang ang una at may garantiya na pwedeng ikansela sa loob ng 10 araw”. Dahil hindi naman naramdaman ang epekto, nagpasya na ikansela ito sa loob ng 10 araw. Ngunit, noong mag-aplay ng kanselasyon, sinabi ng kumpanya na “kapag kinansela mo, kinakailangan mong magbayad ng katumbas sa 5 buwan na panustustos ng produkto” at noong binanggit ko na nasa loob pa ng panahon ng garantiya ng kanselasyon, sinabi nila na “ang kundisyon para makansela ay bayaran ang katumbas na 5 buwan na regular na halaga ng produkto”. Nang ikumpirma ko sa kasunduan, napakaraming nakasulat na kundisyon na hindi ko napansin noong inorder ko ang produkto.




**Konsultasyon ukol sa regular na pamimili online**




Noong 2019, ang bilang ng konsultasyon na natanggap ng Tanggapan ng Konsultasyon mula sa mga Mamimili ay higit doble ng bilang kumpara noong 2018!

- <u>Siguraduhin ang nilalaman at kundisyon ng kanselasyon tulad ng “kailangan ba ang regular na pagbili ng produkto” at “pwede bang ikansela o ibalik” kapag bibili online.</u>
- <u>Itago ang rekord ng komunikasyon tulad ng e-mail o tawag sa telepono bilang patunay ng komunikasyon sa kumpanya.</u>

**Para sa konsultasyon tungkol sa pamimili, maaaring tumawag sa sumusunod**

**○<u>Hotline para sa mamimili</u>**

**188 (I ya ya!)**

※Pagkatawag, pindutin ang inyong postal code at ikokonekta kayo sa pinakamalapit na tanggapan.

**○<u>Panlalawigan na Tanggapan ng Konsultasyon para sa mga Mamimili</u>**

**Sentro ng Konsultasyon ng Mamamayan sa Tobu**
**TEL 055-952-2299**
**Sentro ng Konsultasyon ng Mamamayan sa Chubu**
**TEL 054-202-6006**
**Sentro ng Konsultasyon ng Mamamayan sa Seibu**
**TEL 053-452-2299**

Pinagmulan: Kurashinome Espesyal na Edisyon Inilathala Setyembre 2020

# ※Patuloy ang paglaganap ng mga insidente ng nakawan kung saan nagpapanggap na taga-inspeksyon ang salarin!

Pinagmulan:HP ng Kapulisan

**Halimbawa**

Noong Agosto, patuloy ang paglaganap ng kaso ng pagnanakaw ng pera at ATM kard kung saan ang mga kriminal ay nagpapanggap bilang pulis sa Tokyo at karatig lugar at pagkatapos kumpirmahin sa telepono na may pera ang biktima ay nagpapanggap naman bilang taga-inspeksyon ng kumpanya ng gas o kuryente at pumupunta sa bahay ng mga matandang nasa 60 hanggang 90 taong gulang, tinatali ang biktima at tatangayin ang pera o ATM kard. (Maliban dito, nagpapanggap din sila bilang taga inspeksyon ng pampatay sunog na gamit at magsasagawa ng pagnanakaw.

**Hakbang para iwas-krimen**

- Kapag nakatanggap ng tawag o bisita mula sa diumano taga-inspeksyon ng kumpanya na naghahatid serbisyo, tumawag sa kumpanya at siguraduhin kung mayroon bang inspeksyon na isinasagawa.
- Kapag wala namang isinasagawang inspeksyon o nakaramdam ng pagdududa sa uniporme o kilos ng bumisita, agad agad na tumawag sa 110.
- Ang ilang halimbawa ng pagnanakaw na inilarawan ay isinasagawa sa pagtawag sa landline. <u>Mangyaring ipatupad ang “hakbang para maiwasan ito” tulad ng pagkakabit at paggamit ng answering machine kahit nasa bahay.</u>